**Apendise**

**Sistema ng Admisyon sa Unang Primarya (Primary One Admission)**
**(Admisyon sa Unang Primarya sa Setyembre 2025)**
**<u>Tala ng Impormasyon</u>**

Ang Sistema ng Admisyon sa Unang Primarya (Primary One Admission) (POA) ay nahahati sa dalawang yugto: ang "Admisyon sa mga Piling Lugar" ("Discretionary Places Admission") na yugto at ang "Sentral na Alokasyon" ("Central Allocation") na yugto.

## (I) Admisyon sa mga Piling Lugar (Discretionary Places Admission) na Yugto

- Maaaring makita ng mga magulang ang mga resulta ng pagtanggap sa mga piling lugar (discretionary places admission) sa pamamagitan ng POA e-Platform (ePOA) mula **<u>alas-10 ng umaga, ika-18 ng Nobyembre 2024</u>**. Ilalabas din ang mga resulta ng lahat ng gobyerno at naasistihang mga paaralan sa kaparehong araw. Ang mga pangalan ng mga matagumpay na aplikanteng bata ay ipapaskil sa mga nakasamang paaralan.
- Dapat na irehistro ng mga magulang ang kanilang mga batang anak sa paaralan sa **<u>ika-20 o 21 ng Nobyembre 2024</u>**. Ang kabiguan na mairehistro sa paaralan sa loob ng tinukoy na petsa ay hahantong sa pagkakaalis ng pagkakataon para sa mga piling lugar (discretionary place) na iniaalok sa kanila. Kung mangyayari man na ang paaralan ay hindi gumamit ng anumang tulong na P1 klase sa 2025/2026 taon ng paaralan, ang alternatibo na mga P1 na lugar ay isasaayos ng Kagawaran ng Edukasyon (Education Bureau (EDB)) para sa mga mag-aaral na tinanggap ng paaralan noong "Admisyon sa mga Piling Lugar" ("Discretionary Places Admission") na yugto.

## (II) Sentral na Alokasyon (Central Allocation) na Yugto

(a) Pakikilahok

- Ang mga bata na hindi binigyan ng alok ng piling lugar (discretionary place) ay lalahok sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation).
- Ang mga magulang ay aabisuhan ng EDB sa paraang pasulat na magpasa ng Form ng Pagpipiliang Paaralan (Choice of School Form) sa pamamagitan ng ePOA sa **<u>ika-13 hanggang ika-19 ng Enero 2025 (hanggang 11:59 ng gabi)</u>** o magbigay ng mga pagpipiliang mga paaralan sa **<u>ika-18 hanggang ika-19 ng Enero 2025</u>** sa itinalagang Sentro para sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation).
- Ang mga magulang ang gagawa ng pagpili sa mga paaralan na nasa 2 kategorya:

  <u>Parteng A</u>
  - 10% ng mga P1 na lugar ng paaralan para sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation) ay patandang minarkahan para sa parteng ito.
  - Ang mga magulang ay maaaring mamili ng hanggang 3 paaralan mula sa anumang mga network ng paaralan.

  <u>Parteng B</u>
  - 90% ng mga P1 na lugar ng paaralan para sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation) ay patandang minarkahan para sa parteng ito.
  - Ang mga magulang ay dapat na mamili ng mga paaralan sa kanilang network* ng tahanan.

(b) Paglabas ng mga Resulta ng Sentral na Alokasyon (Central Allocation)

- Maaaring makita ng mga magulang ang resulta ng Sentral na Alokasyon (Central Allocation) sa pamamagitan ng ePOA mula **<u>alas-10 ng umaga, ika-4 ng Hunyo 2025.</u>** Bukod pa rito, ang 'Form ng Pagpaparehistro sa Unang Primarya' ('Primary One Registration Form') nang may resulta ng Sentral na Alokasyon (Central Allocation) ay ipapadala sa mga magulang sa pamamagitan ng diretsong paghatid sa kanilang tahanan na nakasaad sa form ng aplikasyon ng POA mula **<u>ika-4 ng Hunyo hanggang ika-5 ng Hunyo 2025</u>** sa pamamagitan ng 'Post ng Lokal na Courier' (Local CourierPost) na ipinagkakaloob ng Koreo ng Hongkong (Hongkong Post). Kung walang sinuman ang maaaring tumanggap ng sulat sa oras ng pagpapadala sa pamamagitan ng Koreo ng Hongkong (Hongkong Post), ang isang 'Card para sa Pagbibigay Abiso Upang Makolekta ang Sulat' (Mail Collection Notification Card') ay iiwan sa lugar upang makolekta ng mga magulang sa mga inatasang opisina ng koreo mula hapon kinabukasan sa araw ng paggawa. Kung ang mga magulang ay hindi nakatanggap ng 'Form ng Pagpaparehistro sa Unang Primarya' ('Primary One Registration Form') o ng 'Card para sa Pagbibigay Abiso Upang Makolekta ang Sulat' (Mail Collection Notification Card') na ibinigay ng Koreo ng Hongkong (Hongkong Post) sa ika-6 ng Hunyo 2025, maaari silang mangolekta ng 'Form

ng Pagpaparehistro sa Unang Primarya' ('Primary One Registration Form') sa mga itinalagang 'Center ng Pangongolekta' ('Collection Centre') mula ika-7 ng Hunyo hanggang ika-8 ng Hunyo 2025 (pakisangguni ang Website ng EDB POA para sa mga pinakabagong panuntunan). Kung ang mga magulang ay ibinahagi ang numero ng kanilang mobile phone sa Form ng mga Piniling Paaralan (Choice of Schools Form) at pinabatid ang kanilang pagpayag na matanggap ang resulta ng Sentral na Alokasyon (Central Allocation) sa pamamagitan ng numero ng kanilang mobile phone, matatanggap nila ang resulta sa pamamagitan ng SMS sa ika-4 ng Hunyo.

- Ang mga magulang ay kailangang magparehistro ang kanilang anak sa mga inatasang paaralan sa loob ng itinalagang araw.

**(III) Mga Katanungan**

Para sa mga katanungan ukol sa Sistema ng POA, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan kay Mr Jimmy WAN (Numero ng telepono: 2832 7640) o kay Ms Esther CHAN (Numero ng telepono: 2832 7636) ng School Places Allocation Section, EDB.

* Ang mga Magulang / Tagapangalaga ng mga aplikante bata ng NCS ay hinihikayat na pumili ng mga paaralan na may kapaligirang napapasailalim sa lenggwaheng Tsino upang mapangasiwaan silang matutunan ang wikang Tsino at mapabilang sa lipunan. Karamihan sa mga sektor ng pampublikong paaralan kabilang na ang mga listahan ng paaralan sa mga net ng paaralan na malapit sa kanilang tinitirhan ay mayroong kapaligirang napapasailalim sa lenggwaheng Tsino. Para sa mga hakbang na suporta na nakabase sa paaralan para sa mga mag-aaral ng NCS na ibinigay ng mga indibidwal na paaralan, mangyaring sumangguni sa column na "Suporta sa Edukasyon para sa mga Mag-aaral na NCS" ("Education Support for NCS Students") sa mga mga Profile ng mga Paaralang Primarya (Primary School Profiles) (https://www.chsc.hk/primary/en) na inilathala ng Komite sa Kooperasyon ng Pag-aaral sa Tahanan (Committee on Home-School Co-operation). Dahil sa angkop na pagsasaalang-alang sa nabanggit, kung sakali na ang mga magulang / tagapag-alaga ay naiisip pa rin na mahihirapan sa pag-aaral sa paaralan ang kanilang mga aplikanteng anak sa isang kapaligirang napapasailaliman ng lenggwaheng Tsino sa yugtong ito, at ipinahiwatig sa form ng aplikasyon na ang mga aplikanteng bata ay hindi maaaring gumamit ng wikang Tsino bilang lenggwahe sa pag-aaral, kapag pinupunan ang Bahagi B ng mga Form ng mga Piniling Paaralan (Choice of Schools Forms) para sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation), maaari silang pumili mula sa mga listahan ng paaralan na malapit sa kanilang tinitirhan at gumawa ng sanggunian sa Apendix 3 (mga paaralan na tradisyonal na tumatanggap ng mas maraming mga mag-aaral ng NCS) ng Mga Tala Kung Paano Sagutan ang 'Form ng Aplikasyon para sa Pagtanggap sa Primary One' (Notes on How to Complete the 'Application Form for Admission to Primary One') para sa POA 2025.

[Sa kaso ng mga hindi pagkakaayon sa pagitan ng Ingles at mga bersyon ng Nepali/ Urdu/ Hindi/ Tagalog/ Thai/ Bahasa Indonesia/ Punjabi (Indian)/ Vietnamese ang Ingles na bersyon ang siyang gagamitin at mananaig.]

(Tagalog version)